MotoLyrics.com
Biggest, regularly updated and free lyrics database

# Willy San Juan
# "Lola"

Visit "Lola" on MotoLyrics.com

[Intro]

Lagi na lang si lola'y naghihintay
Sa isang silya sa bintana'y nag Â– iisa
Nais niya'y makita at makapiling
Mga anak na ngayo'y nasaan

Mahina na siya't malabo pang mga mata
Libangan nya'y mga halaman sa plorera
Halos lahat ng mga araw na nagdaan
Ay walang pagbabago kahit kailan

[Koro]

Sa tuwing gabi'y nangangarap
Na magbalik ang nakalipas
Nung tangan nya'y sanggol nawalang malay
Sa hirap na nadarama pag Â– luha'y di mapigilan
Bukas siya'y muling maghihintay

Mahina na siya't malabo pang mga mata
Libangan nya'y mga halaman sa plorera
Halos lahat ng mga araw na nagdaan
Ay walang pagbabago kahit kailan

[Ulitin koro]

Lagi na lang si lola'y naghihintay

Visit Willy San Juan page on MotoLyrics.com, to get more lyrics and videos.